Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG OKTUBRE 3, 2013 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

***MGA DUMALO:***

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Diony M. dela Torre | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Klean Rose F. Borbon | - | SK Fed. President |

***HINDI NAKADALO:***

***W A L A***

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 13-10-093

**NAGPAPAABOT NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI SA NAULILA NG NAMAYAPANG BREHILDA PAJARILLON MAULA AT KUMIKILALA SA KANYANG NATATANGING KONTRIBUSYON SA ASPETONG ISPIRITWAL AT MORAL NG BAWAT MAMAMAYANG BULALACAONON**

**"SAPAGKAT,** si Gng. Brehilda Pajarillon Maula ng Barangay Poblacion, Bulalacao, Silangang Mindoro ay sumakabilang buhay noong nakaraang Lunes, ika-30 ng Setyembre, 2013;

**"SAPAGKAT,** si Lola Beding o si Nay Beding ay kilala sa buong bayan bilang namumuno sa mga padasal sa kaluluwa at bilang isang hilot na halos ang buong buhay niya ay nagugol na sa ganitong gawain;

**"SAPAGKAT,** ang kanyang natatanging katangian ay nagdulot ng impluwensiya sa buhay ng mga taong buong pagmamahal at pagmamalasakit niyang pinaglingkuran na tiyak na mananatiling buhay sa puso ng bawat taong kanyang tinulungan;

**"SAPAGKAT,** si Lola Beding ay isang institusyon sa mundong kanyang ginagalawan kung kaya ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa mga taga-Bulalacao at ito'y isang masakit na dagok na nagbigay ng masidhing kalungkutan at pighati sa kanyang pamilya, kamag-anak at kaibigan; **kung kaya't dahil dito**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpaabot ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati sa naulila ng namayapang Brehilda Pajarillon Maula at kumikilala sa kanyang natatanging kontribusyon sa aspetong ispiritwal at moral ng bawat mamamayang Bulalacaonon;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Dexter R. Gonzales, pinangalawahan ni Konsehal Gideon B. Abuel, ang kapasyahang ito ay ...

**PINAGTIBAY":** Oktubre 3, 2013, Bulalacao, Silangang Mindoro.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

**GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**GIDEON B. ABUEL**
SB Member

**EMELITA A. OSORIO**
SB Member

**EDWIN S. ACERON**
SB Member

**SENEN C. FAMILARA**
SB Member

**DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**DENNES M. FANER**
SB Member

**RAMON G. MAGBANUA**
SB Member

**DIONY M. DELA TORRE**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**KLEAN ROSE F. BORBON**
SK Fed. President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**EDNA C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 10 :4 13

131004/PLP/jpc

CamScanner